Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS with principal office address at Bank of the Philippine Islands, 28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City, against the borrowers/mortgagors SPOUSES KAREN ANNE M. PACHECO A.K.A. KAREN ANN PACHECO AND GARY F. PACHECO; SPOUSES BEN G. MARTIR and MARISSA DEL ROSARIO MARTIR, with residence and postal addresses at (1) Blk 5 Lot 2 St. James Street, San Pedro Sub. 7, San Bartolome, Novaliches, Quezon City, and (2) Unit 316 [16], 3rd Floor, Aria Residence, Amaia Steps Pasig Phase 1A, Eusebio Avenue, Brgy. San Miguel Pasig, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of August 18, 2025 amounts to PESOS: THREE MILLION SIX HUNDRED NINE THOUSAND THREE HUNDRED FORTY SEVEN AND 02/100 (PhP3,609,347.02) inclusive of interests, penalty and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on **06 January 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, in front of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 011-2019013125

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

ARIA RESIDENCE
LEVEL: THIRD FLOOR
UNIT: 316
UNIT TYPE: UNIT C.
UNIT AREA (SQ.M.): 31.19
BALCONY (SQ.M.):
TOTAL AREA: 31.19

WHICH UNIT FORMS PART OF "AMAIA STEPS PASIG PHASE 1A" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2014000946 which embraces and describes the land located at BARANGAY OF SAN MIGUEL, CITY OF PASIG with an area of TWENTY-FOUR THOUSAND TWENTY-NINE (24,029) Square Meter, is registered in the name of: KAREN ANNE M. PACHECO MARRIED TO GARY F. PACHECO.

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrances thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **27 January 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, September 24, 2025.

(SIGNED)
EDWIN S. CARIÑO
Sheriff IV

(SIGNED)
ATTY. ROSALIE C. AROSA
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned...

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS
Bank of the Philippine Islands, 28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City

SPOUSES KAREN ANNE M. PACHECO A.K.A. KAREN ANN PACHECO AND GARY F. PACHECO; SPOUSES BEN G. MARTIR DEL ROSARIO MARTIR and MARISSA DEL ROSARIO MARTIR (1) Blk 5 Lot 2 St. James Street, San Pedro Sub. 7, San Bartolome, Novaliches, Quezon City (2) Unit 316 [16], 3rd Floor, Aria Residence, Amaia Steps Pasig Phase 1A, Eusebio Avenue, Brgy. San Miguel Pasig

Publication: **PVN Point Viewer Publishing**
Dates: **October 20, 27 & November 03, 2025**

Ilang 'midnight appointees' na pinag-'courtesy resignation', kumikilos umano para di' sundin ang pagbibitiw

Ibinanyag ni Assistant Ombudsman Mico F. Clavano na mayroong pagkilos ang ilan sa umano'y mga 'midnight appointees' para di' sun-

din ang 'courtesy resignation' iniatas ni Ombudsman Jesus Crispin 'Boying' Remulla.

Ayon mismo kay Ombudsman Spokesperson

Clavano, ang pagkilos ng mga opisyal na ito ay upang mangalap ng suporta nang sa gayon ay maiwasan ang pagbibitiw mula sa pwesto.

Gayunpaman, ibinahagi ni Assistant Ombudsman Clavano na alam naman na ito ni Ombudsman Remulla kung kaya't binibigyan sila ng isa pang pagkakataon para sundin ang kahilingan o kautusan.

Maalalang imihayag mismo ng kasalukuyang tanod-bayan ang pagkakadiskubre sa higit 200-katao, mga empleyado at opisyal ang biglaang na-hire at na-promote bago umalis si former Ombudsman Samuel Martires.

Alinsunod rito'y ina-

tasan ni Ombudsman Boying Remulla ang 99-high ranking officials na magsumite ng kanilang 'courtesy resignation'.

Imihayag pa ni Assistant Ombudsman Clavano na nais lamang ni Ombudsman Remulla sa inatas na 'courtesy resignation' ay masimlan ang bagong liderato ng maay- os.

Kung saan ipinaliwanag ng tagapagsalita ng Ombudsman sa papaano humantong sa kautusan kinailangan pang magbitiw ng mga mataas na opisyal mula sa kani-kanilang mga pwesto.

Paglinaw naman ni Ombudsman Spokesperson Clavano na ang kautusang ito ay hindi para paghigantihan ang

nakaraang administrasyon sa tanggapan.

Kundi ipinaliwanag niyang ito'y upang maseguro o maipakita ng mga opisyal ang kanilang 'loyalty' sa Office of the Ombudsman at hindi para sa iisang tao lamang.

Sa kabila nito, positi- bong ibinahagi ni Assistant Ombudsman Clavano ang impormasyon mayroon ng mga naghain ng kanilang 'courtesy resignation'.

Bagama't hindi pa tiyak ang bilang nito, ayon sa naturang tagapagsalita, may 'good number' anyia na naghain ng kanilang pagbitiw maipakita lamang na sila'y 'in good faith' sa tanggapan.



By **Bro. Ernie Acayan**

Mateo 3:2
"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"

TUNAY NA PAGSISISI

Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?

Gawa-26:20

"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."

Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.

1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundit utos ng Dios.

1 Tesalonica 5:17

"...palagi kayong manalangin..."

Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.

Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.

Juan 15:5

"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."

2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.

2 Cor.5:17

"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago."

3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.

Roma.12:2

"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang manawalan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."

Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Diyos.

Efeso 4:23-24

Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.

Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.

1 Juan 3:9

"Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binibig mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpapatuloy sa pagkakasala."

TO GOD BE THE GLORY.



Pamilya Atienza, nagluluksa sa pagpanaw ni Emman Atienza

Sa isang Instagram post, kinumpirma ng pamilya ang malungkot na balita at inalala si Emman bilang isang taong naghatid ng saya, tawa, at pagmamahal sa kanilang buhay at sa mga taong nakakilala sa kanya.

"She brought so much joy, laughter, and love into our lives and into the lives of everyone who knew her," ayon sa pahayag ng pamilya. Nanawagan din ang pamilya Atienza sa publiko na ipagpatuloy ang kanyang pamana sa pamamagitan

ng pagpapalaganap ng malasakit, tapang, at kabutihanan sa araw-araw na buhay. "To honor Emman's memory, we hope you carry forward the qualities she lived by: compassion, courage, and a little extra kindness in your everyday life."

Jona Viray on experiencing abuse from her father: 'I feel strong enough to share my journey'

Jona Viray has opened up about a traumatic experience she went through as a child, revealing that she was sexually abused by her father at the age of 10.

In an emotional interview on Toni Talks, Jona said it was her first time speaking publicly about a dark chapter in her life, one she had long avoided sharing.

"Noong bata ako, at 10 years old, naging biktima ako ng molestiya from my father. After ng pangyayari na umalis yung nanay namin. That time, hindi ko alam kung paano magreaccate kasi hindi ko alam ang mga iyon," Jona shared.

Jona shared that she was confused and didn't fully understand what was happening at the time.

"Sa pagkakaalala ko day-time nangyari iyon. Pinapasok ako sa kwarto and doon na nagsimula yung mga horrific na nangyari. At that time, frozen lang ako kasi hindi ko alam. Tama ba ito?" she recalled. "Even after mangyari mga bagay na iyon, all those years growing up, magkasama pa rin kami ng papa ko. After noon, as if walang nangyari. Okay pa rin kami."

"It happened more than once. Noong year lang na iyon nangyari, after that hindi na nasundan. Unconsciously,

Batikang choreographer na si Anna Feliciano, pumanaw na sa edad na 65



Pumanaw na ang veteran choreographer na si Anna Feliciano, 65, na kilala sa kanyang masiglang mga pagtatanghal sa noo'y sikat na noontime show ni Willie Revillame.

Kinumpirma ng kanyang pamilya ang balita sa social media noong Huwebes, Oktubre 23.

Ayon sa kanyang anak na si April Feliciano, "Let's celebrate Mama Anna's life together as we share stories of how she touched lives on a

kakausapin mo yung sarili na wala ka nang kwenta kasi nga naabuso ka na you are not pure anymore, wala ka nang value. Sobrang baba na ng self-esteem ko," she added.

After the abuse, Jona said she chose to keep everything to herself for many years, only realizing later how deeply traumatic the experience had been.

"Walang nakakaalam sa mga kapatid ko. Hindi ko sinabi sa kanila kasi di ko alam paano nila mareceive. Walang nakakaalam other than noong manager ko ngayon," Jona shared.

As she grew older, Jona began to reflect on her past and understand what she had gone through.

"Sobrang late bloomer ako. Lahat ng pangit na nangyari from the past may tendency ako na kalimutan kasi masakit alalahanin kaya lang kapag dumadating na mga moments na nagkakaroon ka na ng deeper knowledge in life, na mga hindi dapat gawin sa mga babae, doon ko narealize na lahat ng napagdaanan ko as a child, sobrang unimaginable," she emotionally said.

Jona admitted that the trauma affected her self-worth and how she related to others as she grew up.

"After those things happened deeper level."

Ginanap ang wake ng yumaong choreographer sa Loyola Memorial Chapel sa Commonwealth, Quezon City, kahapon, Oktubre 25, na may viewing simula ala-1 ng hapon at necrological service sa ganap na alas-7 ng gabi.

Hindi pa isinasapubliko ng pamilya ang sanhi ng kanyang pagkamatay. Bagama't ipinahayag naman ng kanyang apo at ng mga kaibigan sa industriya ang pasasalamat sa pagmamahal at dedikasyon ni Feliciano, pati na rin ang kanyang kontribusyon sa telebisyon.

Kaugnay nito ang "Wowovin" team ay nagbigay pugay naman sa kanya bilang isa sa mga creative forces ng programa, at nagpaabot ng mensahe na: "Mahal na mahal ka namin, Anna Feliciano!"

pened from my childhood, unconsciously, pagdating ko sa a young woman, para nagsesek ka na ng validations sa ibang tao na ang gusto mo na lang naman to feel loved, to feel secure, to be worthy and to be adored kasi ayon pala yung natakaw ayang sa 'yo noong bata pa," Jona said.

She shared that, as a teenager, she sometimes lost her way in her search for affection and validation.

"May mga times na noong teenager ako, naliligaw ng landas kasi naghahanap ako ng validation kasi nga ayon yung wala sa bahay," she expressed.

The experience also made her fearful of opening herself up to romantic relationships.

"For how many years, single ako kasi masiyado na ako natatatak na magtiwala na ulit," she explained. "Hindi naintindihan ng mga tao kung saan nangagling bakit kailangan ko maging choosy. Ayaw ko mautil na magkaroon ng pagiging broken family or kaya naman abusuhin ako. If papasok man ako sa relationship, I want it as a whole."

Despite everything she went through, Jona said she has found healing through faith and forgiveness.

"Ipinagdasal ko iyong mga nangyari sa akin. Sabi ko, 'Lord, sinusurrender ko lahat ng mga nangyari sa akin. Kayo na po bahala sa akin. Bigyan Niyo po ako ng comfort, ng courage. Kayo po ang lumikha sa akin, so please make me whole again.' Nag-



simula yung journey ng healing ko noong time na nagpass away yung papa namin," she remarked.

As the eldest daughter and breadwinner, Jona still cared for her father while he was sick, saying: "Noong time na nagkakasakit na siya, as the eldest daughter and breadwinner, ako nagalaga sa kaniya financially and other. Noong mga panahon na iyon nandoon pa rin yung pagmamahal ko sa father ko. Gusto ko maging ideal yung pagkasama namin."

Before her father passed away, Jona received a message from him that brought her closure.

"A few weeks before he passed away. Nagtext siya sa akin na: 'Anak, patawarin mo ako sa lahat ng mga nagawa kong pagkakamali. Mahal na mahal ko kayo.' Ayon lang pero kahit simple words like that, ayon nagcontribute ng healing sa akin. Pakiramdam ko kahit hindi na nga siya manghingi ng tawad, kaya ko siyang patawarin sa lahat ng nangyari sa pamilya namin," she said.

The singer said that forgiveness lifted a heavy weight off her. "Yung pakiramdam ko noon, mas narelieve ako. Yung timik sa buong pagkatakaw, parang nahugot. Looking forward pa nga ako na kapag gumaling siya, na makapag-out of country kami lahat. Hindi na rin natuloy iyon kasi he passed away."

"Grace of God na lang din siguro (kaya nakapagpatawad ako)," she expressed.

With her experience, Jona shared: "Noong early stage ng singing career ko, ang binabansag sa akin ay Soul Princess kasi maemosyonal kumanta pero after that stage binansagan na ako na Fearless Diva kasi napakafearless kumanta on stage. Pero ngayon, narealize ko na may purpose pala bakit tinawag ako na fearless."

She added, "Now, I feel fearless and I feel strong enough to share my journey from the past na for a long time, tinago ko na even sa sarili ko dineny ko rin, na tinago ko under the rug kasi sa sobrang sakit ng pangyayari na iyon, ayaw ko na maalala na naging part pala iyon ng buong buhay ko."



Labis ang pagdadalambhati ng pamilya ni dating Manila councilor at host na si Kim Atienza sa biglaang pagpanaw ng kanilang anak na si Emman Atienza, content creator, na kilala sa kanyang pagiging bukas tungkol sa isyu ng mental health.

Kim Kardashian isinisi sa dating asawang si Kanye West ang pagkakaroon niya ng aneurysm

Ibinunyag ng reality-star na si Kim Kardashian na siya ay na-diagnosed ng aneurysm.

Sinabi nito nalaman niya ng magpakonsulta ito sa doctor at lumabas na mayroon itong maliit na aneurysm.

Ang dahilan umano nito ay dahil sa stress na nararanasan.


Itinuro niyang may sanhi nito mula ng maghain ito ng

divorce sa asawang si Kanye West.

Ang aneurysm ay paglaki ng ugat sa utak dahil sa internal bleeding.

Dahil din sa stress sa asawang rapper ay nagkaroon umano rin siya ng psoriasis na isang sakit sa balat.

Mayroong apat na anak ang dalawa na sina North, 12-anyos; Saint, 9; Chicago, 7 at Psalm, 6.



Katy Perry at ex-Canadian PM Trudeau isinapubliko na ang relasyon



Inisapubliko na ng singer na si Katy Perry at dating Canadian Prime Minister Justin Trudeau ang kanilang relasyon.

Ito ay matapos na makita ang dalawang maghakaraw ang kamay noong sila ay mag-date sa Paris, France sa pagdiriwang ng 41 kaarawan ng singer.

Noong nakaraang pang

buwan ng lumabas ang usapin sa relasyon ng dalawa matapos na makita silang magkasama.

Nakita pa silang magkay-akap habang nasa isang yate sa karagatan ng California.

Makailang ulit na ring nakita ang dating Prime Minister na dumalo sa konsiyerto ng singer.

Kathryn Bernardo, nakatakdang gawan ng wax figure sa Madame Tussauds Hong Kong sa 2026

Inanunsyo ng Madame Tussauds na si Kathryn Bernardo ay magkakaroon ng wax figure sa kanilang Hong Kong branch sa 2026.

Sa isang Instagram post nitong Miyerkules, Oktubre 22, inihayag ng museo na tinaguriang "Phenomenal Box-Office Queen" si Kathryn, at siya ang unang Filipino celebrity na magiging bahagi ng Madame Tussauds Hong Kong.

Sa ngayon si Kathryn ang pinaka batang Filipino celebrity na may wax figure sa labas ng bansa kung saan napapabilang na ito kina Manny Pacquiao, Pia Wurtzbach, Catriona Gray, Lea Salonga, at Anne Curtis na may wax figures din sa Asia.

Kilala si Kathryn sa mga blockbuster na pelikula tulad

ng "The Hows of Us," "Hello," "Love," "Goodbye," at ang "Hello, Love, Again" na

siya rin ang kauna-unahang Filipino film na kumita ang higit P1 billion globally.





"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
Taytay RTW Base

Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: November 03 - 09, 2025



Krusty Waffle
Gaufre de Liège, Milktea, Fruitea and more.

#308 Barangka Drive in front of Bonifacio
Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: November 03 - 09, 2025



FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: November 03 - 09, 2025

US Navy helicopter at fighter jet, nag-crash sa magkahiwalay na insidente sa South China Sea

Kapwa bumagsak sa katubigan ng South China Sea sa magkahiwalay na insidente ang isang US Navy helicopter at fighter jet hapon nitong Linggo, Oktubre 26.

Sa isang statement na inilabas ng US Pacific Fleet ngayong Lunes, Oktubre 27, ang unang crash incident ay sangkot ang isang US Navy MH-60R Sea Hawk helicopter, na nakatalaga sa "Battle Cats" ng Helicopter Maritime Strike Squadron 73.

Bumagsak ang naturang helicopter sa disputed waters habang nagsasagawa ng rou-

tine operations mula sa aircraft carrier na USS Nimitz.

Ligtas namang narekober ng search and rescue assets mula sa Carrier Strike Group ang lahat ng tatlong crew members.

Kasunod ng insidente, nasa 30 minuto ang nakakalipas, bumagsak naman sa disputed waters ang F/A 18F Super Hornet fighter na nakatalaga sa Fighting Redcocks ng Strike Fighter Squadron 22 habang nagsasagawa rin ng routine operations mula sa Nimitz.

Matagumpay namang

nakuha ang crew members at ligtas na narekober ng search and rescue assets mula sa Carrier Strike Group 11.

Lahat ng personnel na sangkot sa nasabing mga ins-

idente ay ligtas at nasa maabuti nang kondisyon.

Kasalukuyan pang iniimbestigahan ang dahilan ng pagbagsak ng US Navy helicopter at fighter jet.

Russia ipinagmalaki ang testing ng kanilang nuclear powered Burevestnik cruise missile



9M370 Burevestnik / SSC-X-9 Skyfall Russian nuclear-powered missile

Ipinagmalaki ni Russian President Vladimir Putin ang matagumpay nilang pag-testing ng nuclear-powered Burevestnik cruise missile.

Isinagawa ang missile test ilang araw matapos ang bigong pagpupulong sana nila ni US President Donald Trump.

Dahil din dito ay pinatawan ng US ng sanctions ang mga malalaking oil companies ng Russia.

Sinabi naman ni Valery Gerasimov ang chief general ng Russian armed forces, na ang Burevestnik missile ay nanatili ng 15 oras sa himpapawid at sumakop ng hanggang 14,000 kilometers.

Mayroon din itong kapasidad na umiwas sa mga anti-missile at anti-aircraft defences.

Pinag-aaralan pa ngayon ni Putin ang paraan kung paano ito gamit at ang imprastruktura para mailunsad ang nasabing missile.

California Governor Gavin Newsom interesadong tumakbo sa pagkapangulo ng US sa 2028



Nais nitong palakasin ang Democrats na makontrol muli ang House of Representatives.

Dagdag pa nito na matapos na ang career ni US President Donald Trump kapag magwagi ang Democrats sa 2026 midterm elections.

Ilan sa mga nagpahiwatig din na tumakbo sa pagkapangulo ay si dating Vice President Kamala Harris, at mga Democrats na kinabibilangan nina Illinois Gov. JB Pritzker, Michigan Gov. Gretchen Whitmer, Pennsylvania Gov. Josh Shapiro, dating Trans-

Nagpahiwatig si California Gov. Gavin Newsom na interesadong tumakbo bilang pangulo ng US sa 2028.

Sinabi nito na nagsisingaling siya kung hindi niya aamin ang interest na

portation Secretary Pete Buttigieg at New York Rep. Alexandria Ocasio-Cortez.

MONDAY ENTERTAINMENT

WORD HUNT

GAME OF THRONES



- GAME THRONES
- FANTASY
- SEVEN KINGDOMS
- WESTEROS
- I R O N
- THRONE
- ESSOS
- LORD DARD
- STARK
- TALISA MAEGYR
- GENDRY
- VISERYS
- DAENERYS
- LANNISTER
- CERSEI
- DOTHRAKI
- WEIRWOOD

A	T	S	E	E	T	H	Y	E	W	S	D
S	Y	M	T	D	I	N	R	L	O	E	S
D	A	M	S	A	R	D	D	A	R	V	D
G	R	I	T	I	R	R	N	N	Y	E	I
I	W	A	E	H	R	K	E	N	G	N	I
Y	K	E	D	S	R	E	G	I	E	K	R
D	S	A	S	D	R	O	O	S	A	I	O
V	O	A	R	T	E	E	N	T	M	N	N
I	I	O	T	H	E	D	C	E	A	G	T
S	E	N	W	N	T	R	R	R	S	D	H
E	S	E	A	R	A	O	O	O	I	O	R
R	C	V	R	R	I	F	D	S	L	M	O
Y	S	Y	R	E	N	E	A	D	A	S	N
S	S	E	S	S	O	S	W	A	T	S	E



Alex Eala umangat ang WTA ranking sa 51 Nam poentem

Muling umangat ang ranking ni Pinay tennis star Alex Eala sa Women's Tennis Association (WTA).

Mula sa dating 53 ay nasa career-best na 51 na ito bago ang pagsisimula niya ng singles match ng Hong Kong Open.

Bagamat talo si Eala sa doubles match ng nasabing torneo kasama si Chan Hao-Ching sa round 1 ay naghahanda na ito para sa singles

match ngayon araw ng Martes, Oktubre 28.

Makakaharap nito si WTA ranked 79 na si Katie Boulter ng Great Britain.

Nagpasalamat si Eala sa mainit na pagtanggap sa kaniya ng mga Pinoy sa Hong Kong.

May ilang nanood niya na galing pa sa ibang bansa gaya sa Pilipinas at nagtungo sa Hong Kong para panoorin siya.

Mga atleta ng bansa patuloy ang pamamayagpag sa Asian Youth Games

Patuloy ang pamamayagpag ng mga atleta ng bansa sa nagpapatuloy na 3rd Asian Youth Games sa Bahrain.

Mayroong ng anim na gintong medalya at dalawang silver medals ang nakuha ng Pilipinas.

Ang panibagong nagdala ng gintong medalya ay ang mga Muay performers ng bansa na kinabibilangan nina Zeth Gabirel Bueno at Lyle

Carlos Yulo sasabak sa finals ng vault competition ngayong araw



Walang anumang pagsisisi si Pinoy gymnast Carlos Yulo matapos na magkamit itong bronze medal sa men's floor exercise final 53rd FIG

Artistics Gymnastics World Championships na ginanap sa Jakarta, Indonesia.

Sinabi ng Paris Olympic double gold medalist na naging matindi ang mga manlalaro na kaniyang nakaharap kaya ibinibigay niya ang papuri sa kaniya.

Natitayak naman ng 25-anyos na si Yulo na babawi na lamang ito sa vault finals na gaganapin ngayong araw ng Sabado.

Iinturing kasi siyang paboritong manalo sa nasabing kategorya kung saan nagtala na ito ng 14,750 points sa qualifiers ng vault competitions.

Pacquiao nahalal bilang VP ng International Boxing Association

Nahalal si dating eight-division world champion Manny Pacquiao bilang Bise Presidente ng International Boxing Association (IBA).

Makakasama niya sa nasabing asosasyon si President Umar Kremlev para gumawa ng athlete-first program.


Unang nakilala ang grupo bilang Amateur International Boxing Association at nangangasiwa ng sports sa Olympics.

Makailang ulit na rin silang binalaan ng International Olympic Committee dahil sa problema sa pangangasiwa ng pondo at pamamahala na may kinalaman sa AIBA bago agn Tokyo Olympics noong 2021.

Dahil dito ay napili ng IOC ang World Boxing na manguna para sa 2028 Los Angeles Olympics.

Naniniwala si Pacquiao na mayroong magandang maidudulot ang IBA sa mga boksingero kung saan bawat bansa ay makakalahok sila.

Nais nitong tyakin na walang anumang boksingero ang maiiwan at malilimutan.



NO. VIII

ISSUE NO. 14

NOVEMBER 03 - 09, 2025

₱ 15.00

Taduran balak labanan ang kapwa Pinoy na si Jerusalem para sa WBC title

Matapos matagumpay na madepansahan ang kanyang korona bilang IBF minimum-weight champion, agad na nakatunog ang atensyon ng tubong Libon, Albay na si Taduran sa mas malaking entablado.

Nais niyang makaharap si Collazo, ang kasalukuyang WBA champion na may malinis na rekord na 13-0.

Walang pangamba si Taduran at tiwala siyang kaya niyang talunin si Collazo.

Ngunit kung sakaling hindi matuloy ang laban kontra sa Puerto Rican boxer, balak ni Taduran na hamunin si Melvin Jerusalem upang sungkitin ang kanyang titulo at belt.

Boston, bigo pa ring magbalsa ng panalo sa loob ng tatlong magkakasunod na game

Bigo pa ring magbalsa ng panalo ang Boston Celtics matapos itong padapain ng Detroit Pistons sa ikatlo nitong game ngayong season, 119-113.

Hindi naging sapat ang 41 points na ibinuhos ni 2024 NBA Finals MVP Jaylen Brown para maipanalala ng Celtics ang ikatlo nitong game ngayong season.

Magkakasama ang mga bagitong Pistons star na nagdumina sa panalo sa pangunguna ni Jalen Duren na kumamada ng 24 points at 18 rebounds habang 21 points

at 12 rebounds naman ang ambag ng guard na si Ausar Thompson.

Hini rin nagpahuli si Pistons captain Cade Cunningham na gumawa ng 25 points at walang assists.

Sa loob ng tatlong game, pawang malamiyang depensa ang ipinakitang ng Boston, na labis na sinasamantala ng kanilang mga nakalaban tulad ng Pistons.

Sa ikatlong game ng 2024 NBA champion, tanging 38 rebounds lamang ang nakuha nito habang 55 rebounds ang kinamada ng Pistons.



Nananatili pa ring hindi nakakapaglaro si Boston star Jayson Tatum habang nagpapagaling sa kaniyang achilles injury.



Binabalak ng IBF minimumweight champion na si Pedro Taduran na hamunin ang kapwa Pilipino na si WBC champion Melvin Jerusalem, sakaling hindi matuloy ang laban niya kontra Puerto Rican boxer na si Oscar Collazo.